# Makabayan Sapagkat makaDIYOS


**(Katolikong Konsiderasyon sa Pampubliko at Pampulitikang Buhay)**

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

Ni: Fr. Jose Eduardo Mayo

Marso 1, 2025

Maraming tao ang nawawalan na ng pag-asa sa kalagayang pulitikal ng ating bansa. Sa ating pakiramdam wala na tayong pag-asa dahil parang kulang sa kaalaman at dignidad ang mga kandidato. Gayunpaman, mayroon tayong mahalagang turo sa Katoliko na huwag na huwag iiwan ang partisipasyon natin sa buhay publiko. Binigyan tayo ng Diyos ng kapangyarihang maging "ilaw ng sanlibutan" at "asin ng sandaigdigan" (Mat. 5:13-14). Ang gawain natin ay ibahagi sa temporal na kaayusan ang pag-uugaling Kristyano ayon sa katuruan ng Diyos.




1. **Paano tayo maki-kilahok sa pampulitikang buhay?** Sinasabi sa dokumentong "*The Participation of Catholics in Political Life*" na tayo ay may tungkulin at moral na obligasyon na makilahok sa pulitika.
   - 1.1. Ang buhay ng demokrasya ay hindi magiging produktibo kung walang **aktibo, responsable at bukas palad na pakikilahok** ng bawat isa sa komunidad.
   - 1.2. Ang demokrasya ay dapat ayon sa tunay at matatag na pundasyon ng mga **prinsipyong hindi nababago**. Matagumpay lamang ito kung ayon sa tamang pagkakaintindi ng mga tao.
   - 1.3. **Ang maka-Kristyanong konsensya** ay hindi pumapayag na bumoto sa isang pampulitikang programa o tao na sumasalungat sa pangunahing katuruan ng pananalig at magagandang asal.
   - 1.4. **Ang lehitimong kalayaan** ay pagpili ng iba't ibang opinyong pulitikal na sumasang-ayon sa pananalig at natural na kagandahang asal. Kaya, pumili tayo kung ano ang tugma sa kabutihan ng nakararami.
   - 1.5. Sa kaibahan, ang **cultural relativism** at **kahalayan** ay hindi nagpapakita ng kalayaan. Ang *ethical pluralism* ay nagpapahintulot sa pagkawatak-watak ng mga prinsipyo ng natural na batas moral.
     - 1.5.1. Kung naniniwala tayo sa mentalidad na "mabuhay at hayaang mabuhay" (*live and let live*), hindi na natin alam ang tama at mali.
     - 1.5.2. Ang "Paggalang sa Pagkakaibang ng bawat isa" (*Respect differences)* ay pag-iwas sa diskusyon at pagresolba ng pagkakaiba-iba.
   - 1.6. Ang "Buhay ko, kagustuhan ko, katawan ko" (*My life, my choice, my body)* ay isang uri ng kahalayan. May matindi at tayong obligasyon na salungatin ang anumang batas na sumisira sa buhay ng tao.
   - 1.7. Ang Obispo ay may obligasyong moral na turuan ang mga tao ng mga bagay tungkol sa kaayusan. Gayunpaman, ang aktibong pakikilahok at huling desisyon sa pagpili kung ano ang **naaayon sa pamantayan ng Panginoon** ay nasa kamay pa rin ng layko.
2. **Ang simbahan ay may tatlong posisyon na hindi maaaring ikompromiso:**
   - 2.1. proteksyon ng buhay sa lahat ng antas ng buhay, simula sa pagbubuntis hanggang sa natural na kamatayan;
   - 2.2. pagkilala at pagpapalaganap ng natural na kaanyuan ng pamilya na pagsasama ng lalaki at babae sa bisa ng kasal;
   - 2.3. proteksyon sa karapatan ng mga magulang sa pagpapa-aral ng kanilang mga anak.

**Konklusyon:** Ang ating pag-asa ay nakasalalay sa ating pananalig. Tinitiyak sa **Taon ng Jubileo** na ipagpatuloy pa rin natin ang pagpapalaganap ng kapayapaan at kalayaan sa gitna ng magulo nating kapaligiran. Manatili tayong aktibo sa pampublikong kapaligiran dahil bahagi tayo ng pamayanan. Dagdag pa nito, bilang Kristyano dapat maging saksi tayo sa kabutihan ng Diyos.

**Pagninilay:**

1. Nagsimula ka na bang mag-isip sa iyong partisipasyon at pagpili sa darating na halalan?
2. Anong bahagi ng pagtuturo ang may epekto sa iyong desisyon?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #tungkuling pangsibiko; #Buhay pulitika